

## The Project Gutenberg eBook of Isa Pang Bayani, by Juan Lauro Arsciwals

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Isa Pang Bayani

Author: Juan Lauro Arsciwals


Release date: December 8, 2005 [EBook #17257]

Most recently updated: December 13, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza and the Online Distributed Proofreading Team at <https://www.pgdp.net> Special thanks to Thomas Buchanan for providing the means to save this book.

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK ISA PANG BAYANI \*\*\*



## TALAN NG NILALAMAN

[Parang mga Pangunahing Talata ni Carlos Ronquillo](#)

[Mga Manggagawa ni Juan L. Arsciwals](#)

[I](#)

[II](#)

[III](#)

[IV](#)

[V](#)

[VI](#)

[VII](#)

[IIX](#)

[IX](#)

[Mga Mali sa Pagkalimbag](#)

---

MAIKLING KASAYSAYAN  
**ISA PANG BAYANI ...**

SINULAT NI

**JUAN L. ARSCIWALS**

*(Kasapi sa "Ilaw at Panitik")*

KASAYSAYANG MANGGAGAWA

*na nagkagantimpala sa Timpalak-Panitik ng Kapisanang  
"Balintawak" ng 1915, sa ilalim ng  
sagisag na: "Maktan"*

AT

MGA PANGUNANG SALITA NI

*G. Carlos Ronquillo*  
(Tagapamahala ng TALIBA)


UNANG PAGKAPALIMBAG

*Maynila, S.P. 1915*

IMPRENTA Y LIBRERIA  
DE

*P. Sayo Vda. de Soriano*

Rosario 225 Plaza del Conde 1008, Binondo y Azcarraga 552, Tondo.



*Samantalang ang pagmamahal sa sariling kapakanan at kagalingan ng mga manggagawa sa Pilipinas ay hindi isinasailalim ng kapakanan at kagalingan ng marami, ang kabusabusan ay di mawawala at ang liwayway ng Kalubusan ay ni mamamanaag.*

*Juan L. Arsciwals.*

*Puhunang walang puso at mapanginis; manggagawang napaghaharian ng biglaang simbuyo ng loob at napasusuko ng munting siphayo; aklasang sa tabi-tabi lamang pinagkakaisahan at hindi bunga ng isang pagliliming mahinahon; isang Pablong napakakasangkapan sa Puhunan, sa bisa ng masasarap na pangako at isang Gervasiong puno ng aklasan nguni't alagad ng kahinaang loob at ng kawalang-pagasa; isang Maurong masugid na alagad ng Bagong Panahon nguni't mahinahong gayon na lamang, at kahinahunang hindi nagtapos sa mabuti kundi sa loob ng bilangguan; saka aklasang sa gulo natapos at namatay sa kusang pagpatay ng manggagawa rin ... iyan ang sa aklat na ito ng kaibigang Arsciwals ay boong liwanag na naglalarawan.*

Páhiná IV

*May palagay akong, maliban sa ilang pangyayaring katha, ang lahatlahat na ay ulat lamang ng isang pangyayaring tunay na nasaksihan ng may akda. Kung kaya, maliban na lamang sa ilang kulay na naiiba, ang lahatlahat na ay siyang tunay na kulay ng mga pangyayaring malimit masaksihan natin sa pagaaklasan dito. Walang pinagibhan ni munti. Kilusan at mga tao ay iyan na walang inibhan. Kung kaya, maaaring sabihing sa maikling kasaysayan ay nakuhang ilarawang ganap ng kaibigang Arsciwals ang samang magpahangga ngayo'y siyang tunay na sanhi ng pagkaunsiyaming kalungkotlungkot ng halamang tanim ng mga de los Reyes, Lope K. Santos at H. Cruz at inalagaa't inaalagaan ng mga J. Kalimbas, D. Ponce, F. Mendoza, mga Soriano, A. de Jesus, C. Evangelista, P.H. Santos, G. Masangkay, A.P. Gonzales. V. Basilio atbp.*

Páhiná V

*Nariyan nga ang sama at maliwanag na nalalarawan sa harap ng lahat. ¿Kailangan kayang lunasan? Hindi kailangang itanong. Nguni't ¿sa paanong paraan? Iyan ang tanong, na kung nang mga nagdaang sampung taon ginawa ay marahil noo'y pagaalinlanganan pang sagutin. Upang sabihin ang totoo, sa loob ng mga araw na ito ay hindi na kaila kanino man kung ano ang lunas na nararapat ikapit diyen. Ang suliranin at kilusang manggagawa sa Pilipinas ay na sa gitna na ng landasin at ang araw ng sosyalismo'y malaon nang namanaag at ibig nang magtanghaling tapat. Kung kaya, bihirangbihira na ang di nakatatalos. At iyang kapuripuring kilusan ngayon na patungo sa pagbubuo ng mga Trade Unions, kilusang pinagpasimunuan ng matatalinong manggagawa, sa limbagan at boong siglang pinagsusumundan ngayon ng mga kapatid ni Mauro, ay siyang nagpapatotoo sa sabi.*

Páhiná VI

*Sa bisa nga ng ganyang kilusan ay maaaring asahang sa araw ng bukas ay magiging parang pangarap na lamang ang larawang guhit ng makisig na pinsel ni Arsciwals: ang sama ay lubusang mawawala. At ni isang Pablo, ni isang Gervasio at isa mang manggagawang balisawsawin, ay wala nang makikita. Magiging Mauro ang lahat, sapagka't ang lahat ay makaliligtas na sa bulag na isipan at sa duwag na guniguni, at pag nagkaganyan na'y mawawala na naman at di masasaksihan ang mga welgang lansangan at aklasang sa pabiglabigla. At ang isip ay lulusog, at ang puso ay titibay.*

Páhiná VII

*Ganito ang aking pag-asa at paniwala. At sa bisa ng paniwalang ito ay kung kaya nasukat ko at napagabot ang kahalagahan ng akdang ito ni Arsciwals. Nakikinikinita kong sa likod lamang ng maikling panaho'y lubos nang mawawala ang dito'y inilarawan ng may akda, at dahilán dito'y ¿ano at bakit nga di magkakahalaga ito sa ang akdang ito'y magiging pangpagunita sa kalunoslunos na kahapon ng suliraning manggagawa rito? Dahil na dahil man lamang dito, at huwag na sa iba pa, ay labis nang ikagalak at purihin ang pagkakapaglathala dito.*

*Kaya, tanggapin ng kaibigang Arsciwals ang aking papuri.*

**Carlos Ronquillo.**

25 Sept. 1915.

---

## Ilang salita muna...

Páhiná IX

MGA MANGGAGAWA:

Sa paglalathala ko n̄g aklat na itó ay wala akong nasang iba, liban na sa mailantad sa harap n̄g madla ang isang karaniwang sakit na siyang pumapatay na madalas sa masisiglang kilusan n̄g mga anak-pawis sa Pilipinas; sakit na hangga't nagtatagal at lumalaon ay lumilikha n̄g libolibong kasawian sa buhay at sa kapalaran n̄g mga manggawang pilipino; at sakit na kung di aagapan n̄g lunas n̄g mga may tungkulin ay siyang pagbubuhatan n̄g lubos at ganap na pagkapariwara n̄g lalong magaganda at dakilang kilusan n̄g mga kawal n̄g bisig.

Hindi ko nasa ang maglahad n̄g anomang tuntunin ukol sa bagay na ito sapagka't hindi pa ako karapatdapat sa gayon; subali't, nais kong kahi't bahagya ay makatulong sa paghanap n̄g SAKIT na pinagbubuhatan n̄g untiunting pagkamatáy n̄g masisigla at mahahalagang kilusan n̄g ating mga manggagawa, upang pagkatapos ay mailantad sa harap ng madla, na walang anomang takip at hubad na hubad.

Páhiná X

¡Nariyan nga ang sakit! At ang mga nagtataguyod sa buhay at kapalaran n̄g mga anak-pawis sa Pilipinas ay siyang unaunang nararapat na humanap n̄g lunas upang sa lalong madaling panahon ay magamot ang sakit na nasabi.

Ipinagtatapat ko rin naman, na, sa pagsulat ko n̄g kasaysayang ito ay hindi ko nasang sugatan ang damdamin n̄g sino at alin mang tao ó Kapisanang Manggagawa; at ang nagudyók sa akin sa ganitó ay ang sa mula't mula pa'y magandang nais na makita sa lalong madali ang pagliwayway n̄g ganap na KATUBUSAN n̄g mga mangagawang pilipino, maging anoman ang

kahalaga n̄ KATUBUSANG ito.

Sa wakás ay malugod at buong puso kong inihahandog ang MUNTING KASAYSAYANG ito, sa lahat at bawa't isa n̄ m̄a manggagawang pilipino at gayon din sa m̄a matatalinong makamanggagawa na nagtataguyod sa buhay at kapalaran n̄ m̄a anák-pawis dito sa atin.

Kun sa palagay ninyo, m̄a manggagawang pilipino na makababasa sa KASAYSAYANG kalakip nito, ang kanyang m̄a nilalama'y walang kahaláhalagá sa harap n̄ m̄a suliraning manggagawa sa Pilipinas ay IPALALAGAY KO RIN, na ako'y walang sinulat na anoman, at ang KASAYSAYANG ito ay ituring ninyo na isang panaginip n̄ sumulat ó isang pan̄jarap lamang n̄ DIWA kong umaasa sa TAGUMPAY n̄ PAGGAWA sa ibabaw n̄ PUHUNAN....

Páhiná XI

**Juan L. Arsciwals.**

Tundo, Maynila, S. P.

Sept. 8, 1915.

---

## I

Páhiná 13

UMAGA n̄ ika 29 n̄ Hunio n̄ 1914. Ang maluwan na daang Azcarraga, sa dakong Tundo sa panulukan n̄ daang Ilaya, na kinatatayuan n̄ isang malaking pagawaan n̄ tabako, ay marami ang nagtayong m̄a manggagawa; m̄a babai't lalaki, matatanda't bata.

Pulúpulutóng ang pagkakaáyos. May kanikaniyang usapan at may kanikaniyang pinagtatalunan.

Sa anyo't pagmumukha n̄ lahat at bawa't isá sa kanila ay nalalarawan ang isang malaking pagkainip, pagkainip na kinababadhaan n̄ pananabik n̄ kanilang m̄a puso sa isang mahalagang bagay mandin na ibig malaman.

Doon, sa dako n̄ dulaang Rizal, ay isang pulutong ang makikita; nan̄gaguusap at nagtatatalong mainitan. Sa dako pa rito, sa tapat n̄ Botika Morelos ay isá pang pulutóng; pulutóng na kinabibilan̄gan n̄ maraming kabai.

Páhiná 14

Saa't saan man, at ang lahat halos n̄ dako n̄ panulakán n̄ m̄a daang Azcarraga at Ilaya, ay kakikitaan n̄ maraming m̄a manggagawa na ang m̄a mata ay pawang napapako sa iisang pook; sa maluwan na pinto n̄ isang malaking bahay, n̄ bahay pagawaan n̄ tabako na kanilang pinapasukan.

—¡Kay tagal nila...!—ang pabulalas na wika n̄ isa sa nagkakalipon.

—¿Anó kaya ang kasasapitan?—ang wari'y tanong na isinagot n̄ isá pa.

At ang tanong na itó'y hindi napan̄gahasang sagutin n̄ sino man sa m̄a kaharáp, at sa m̄a labi n̄ bawa't nakarinig ay waring napabitin ang kasagutan.

Walang ginawa ang marami kundi sa pintuang pinagmamalas na lagi ay ipako ang m̄a mata, at nang wala ring makitang anoman ay agad na binawi ang m̄a panin̄gin upang sa m̄a kalipon ay ibaling.

¿Anó ang hinihintay n̄ m̄a manggagawang ito?

Páhiná 15

¿Anóng bagay ang kanilang kinasasabikang malaman?

¿Ano't sa mukha n̄ lahat ay nababadha ang malaking pagkainip?

Alamin muna natin ang lahat nang ito, samantalang naghihintay sila upang mabatid natin.

Nang araw na sinundan, ang m̄a manggagawang nasabi ay tumanggap n̄ isang babalang buhat sa m̄a may-ari n̄ pagawaan, at doo'y ipinababatid sa kanila na sa kinabukasan ay ibababa ang upa sa lahat n̄ m̄a "vitola" na kanilang ginagawa.

Pagkatanggap nila n̄ gayon babala, at sa pan̄gan̄gasiwa n̄ pangulo n̄ Kapisanan nilang natatayo sa loob n̄ pagawaan ay nagsipagpulong ang lahat, at doon ay pinagusapan ang nararapat nilang gawin.

Pagkatapos n̄ isang mahaba at mainitáng pagtatalo ay pinagkaisahan n̄ lahat, na magsugo n̄ isang Lupon sa m̄a mamumuhunan, upang maipabatid na sa dating mababang upa na kanilang itinatanggap sa bawa't "vitola" ay hindi na nila matatanggap pa ang pagbababang gagawin; at tuloy na ipinamanhik sa nahalal na Lupon na mangyaring gawin nila ang lahat nang magagawa, upang sa mapayapang pagmamamatwid, ang m̄a mamumuhunan ay magbagong pasyá.

Páhiná 16

Ang nan̄gahalal na Lupon ay ang pangulo na rin n̄ kanilang Kapisanan na nagn̄gan̄galang Gervasio Sarili at si Mauro Alvarez. Sa dalawang ito ay tatlo pa ang isinama na pawa namang m̄a kasama nila sa pagawaan at sa Kapisanan.

Ang m̄a ito ay siya nilang pinagkayarian sa pulong na idinaos sa kinahapunan n̄ pagkatanggap nila n̄ babala; kaya't nang umagang yaon n̄ ika 29 n̄ Hunio, at sa pook na naiulat na sa dakong una, ang m̄a dukhang anák-pawis, ang m̄a manggagawang tabakero na

nagkakatiyon sa iba't ibang súlok at hayág na pook n̄ m̄ga daang Ilaya at Azcarraga, ay sabik na sabik at iníp na iníp na halos sa paghihintay sa kahahangganan n̄ paguusap, na nang m̄ga sandaling yaon ay idinadaos n̄ nahalal na Lupon n̄ m̄ga manggagawa at n̄ m̄ga mamumuhunan.

Páhiná 17

Ikasiyam na n̄ umaga; subali't ang m̄ga hinihintay nila ay di pa dumarating.

Sa malaking pintuan n̄ pagawaan, ang bawa't tao ó m̄ga taong makita nilang lumabás at lumalabas, akala nila'y siya nang hinihintay nila, siyang Lupong sinugo nila ... N̄guni't parating nabibigo, parating nawawalan n̄ saysay ang kanilang m̄ga hinuha.

—¡Pagkatagaltagal...!—ang ulit-ulit na nawiwika n̄ marami.

—Magsisilabás na sila ...—ang wika naman n̄ ilan, na parang itinutugón at inilulunas sa pagkainíp n̄ madla.

At parang itinaón sa huling tugon n̄ ilán, sa pinto n̄ pagawaan ay nagsilabas ang limá katao.

—¡Narito na! ¡Narito na!—ang sunodsunod at nagkapanapanabay na naibigkás n̄ marami, nang makita ang m̄ga nagsilabás.

Ang bawa't pulutong n̄ m̄ga manggagawang yaón, ang bawa't pangkat na nag-uúsap, ang lahatlahat na, ay nagsikilos, nagsilakad, at ang dumarating na Lupon ay sinalubong.

Páhiná 18

—M̄ga kapatid:—ang wikang malakas n̄ pan̄gulong Gervasio nang mapalapit sila sa m̄ga kasama—Mahaharap marahil tayo sa isang malaking paglalaban.

—¿Anó po ang nangyari?—¿Anó po ang kinasapitan?—ang sabáy-sabáy na tanun̄gan n̄ marami.

—Wala; ang m̄ga mamumuhunan ay ayaw na duminig sa daing nating lahat; sila ay nagpapakatigás ...—ang tugón din n̄ pan̄gulo.

—Kung gayon, tayo'y magsiaklás.—ang sigaw n̄ isang manggagawa.

—¡¡Magsiaklás...!! ¡¡Magsiaklás ...!!—ang ulit-ulit na sigawan n̄ marami.

—M̄ga kasama:—ang malakas na wika ni Mauro,—¡Tayo'y huminusay! Pumayapa tayo, at ang lahat ay pagusapan natin n̄ boong kalamigang loob.

—¡¡Welga!! ¡¡Welga!!—ang ipinaghuhumiyaw din n̄ marami.

Páhiná 19

—¡¡Tayo'y magsiaklás...!!—ang ulit n̄ ilan.

—¡¡Magsiaklás!!—ang tugón n̄ lahat.

—Ang lahat ay magagawa—ang tugóng malakas din ni Mauro—subali't, kailan̄gan nating pagusapan muna ang m̄ga paraang gagawin. Tayo'y magpulong n̄gayon din, at doon nating pagkaisahan ang lahat.

—¡Magpulong! ¡Magpulong!—ang sigawan n̄ lahat.

—Tayo nang lahat sa dulaang Rizal—ang wika n̄ pan̄gulo.

—¡Sa dulaang Rizal!—ani Mauro naman.

—¡Tayo na m̄ga kasama...!—ang ulit n̄ madla.

At ang lahat ay nagsilakad; parang iisang katawan nang kumilos, at ang dulaang Rizal na di naman nalalayo ay siyang tinun̄go.

Sa mukha n̄ bawa't isá, ang kagitingan ay nababakas; at nababadha sa pawisan nilang noo ang búhay, ang sigla at ang lakás.

Ang masiglang kilusang yaon n̄ m̄ga manggawang tabakero, ay labis na mahihinuhang kung magpapatuloy ay siya nang babala n̄ pagsikat n̄ mabiyayang araw n̄ Katúbusan.

Páhiná 20

---

## II

Páhiná 21

At, ang malaki at maaliwalas na dulaang Rizal, sa kapahintulutan n̄ m̄ga may-ari, ay kaunti nang mapuno sa dami n̄ tao.

Halos dalawa sa ikatlong bahagi n̄ m̄ga butaka ay may m̄ga tao; bukod pa ang m̄ga nagtayo sa paligidligid n̄ palko at "entrada general."

Sa harap n̄ lahat, at sa ibabaw n̄ "escenario," ay nan̄gakaupo sa palibid n̄ isang lamesa ang Lupong sinugo, at ang ilán pa rin sa m̄ga bumubuo n̄ lupong pamunuan n̄ Kapisanang Manggagawa sa loob n̄ pagawaan.

Samantalang ang m̄ga na sa itaas n̄ "escenario," ay nan̄gaguúsap pa muna bago pasimulan

ang pulong, ang m̃ga nañgasasaibaba nama'y walang tigil sa m̃ga pagsasalitaan, pagsasalitaang nauukol na lahat sa mangyayaring labanan ñg m̃ga manggagawa at mamumuhunan.

Páhiná 22

Ang aling̃awñgaw ñg salitaan ay gayon na lamang, at halos ang iba'y hindi na magkarinigan.

—¡Ituloy ang aklasan!—ang walang ano-ano ay narinig na isinigaw ñg isá.

—¡¡Ituloy!!...—ang tugóng pasigaw din ñg karamihan.

—At lalo nang hindi magkamayaw sa iñgay ang lahat.

Isang tinig, ang mula sa ibabaw ñg "escenario," ay narinig.

At ang tinig na ito'y siyang pumutol sa masiglang paguúsap ñg lahat.

At ang lahat ay napatahimik, at ang m̃ga paniñgin ay tuñgong lahat sa magsasalita.

Si Gervasio ay siyang nakatayo sa harap ñg madla. Sa lahat ay ipinabatid, na ang pulong ay bukás na.

At pagkuwan ay sunod na isinalaysay ang m̃ga pinangyarihan at kinahangganan ñg paguúsap ñg Lupon at ñg m̃ga mamumuhunan.

Ipinakilala at isinakabatiran ñg lahat, na ang pagbababa ñg úpa ay ipagpapatuloy din, at ang anomang matwid na iniúlát ñg Lupon ay ayaw dinggin ñg m̃ga namamahala sa pagawaan at bagkus na nagpakatigástigás sa kanilang nasa.

Páhiná 23

—Ang m̃ga mamumuhunan—ang patuloy pa ñg nagsasalita—ay nagsabi pa, na kung sino raw ang ayaw tumanggap ñg mababang úpa ay maaaring huwag pumasok. Kayó—anyá—ang masusunod ñgayon: ang ibig tumanggap ay makapapasok at ang ayaw nama'y huwag. Sa harap ñg ganitong pagmamamatwid, kayo, m̃ga kasamang anák-pawis, ang siyang magpasya; sabihin ninyo ñgayon dito kung ano ang minamarapat ninyong gawin.

At pagkatapos na mapahiran ang mukhang pawisán ñg nagsasalita ay ipinatuloy:

—M̃ga kapatid: ¿ibig bagá ninyong tanggapin ang pagbababa ñg úpa?

—¡¡Ayaw kami!!—ang sigawang napakalakás ñg lahat.

—Kung gayon—anang pañgulo pa rin—¿ano ang ibig ninyong gawin?

—¡Magsiaklás!...

Páhiná 24

Itó ang sagutan ñg lahat.

At ang aling̃awñgaw ay lumaganap na naman.

Untiunting nagkakaiñgay; at hanggang sa pagkailang sandali ay hindi na halos magkamayaw.

Sa haráp ñg gayong mainit na kilusán, si Mauro, ang bagama't bata sa tanang m̃ga kasama sa paggawa ay kina-aalang-alañganan ñg marami sanhi sa taglay na marañgal na ugali at iniwing kaunting talino, sa harap ñga ñg gayong pagkakagulo, ay boong siglang tumayo at sa madla'y sinabi:

—Mga kapatid; kayo'y pumayapa.

At ang lahat ay natahimik. Narinig nila, na ang nagsasalita ay si Mauro; si Maurong tuwituwina'y kanilang iginagalang.

Ang pagkakagulo ay nahusay at ang lahat ay humandang makinig.

At si Mauro, sa harap ñg gayong katahimikan ay nagsalita:

—M̃ga kamanggagawa:—anya sa buháy na tinig.—Sa haráp ñg napakalaking suliranin na sa ñgayon ay ating kinasusuuñgan ay kinakailañgan natin ang isang lalong malinaw na pagiisip upang ang bigát ñg suliraning ito ay mapagpasyahan natin ñg boong liwanag at huwag tayong malihis sa landas ñg matwid. Kinakailañgan natin ñgayon, at higit kailan man, ang isang malamig na kalooban, upang ang kalamigang ito ay siyang maghatid sa atin sa wasto at makatwirang pagkilos at pagpapasyá. Kailan man, ang kapusukan at init ñg loob, sa anomang bagay na gagawin, ay malimit humantong sa pagsisisi; pagsisising sa lahat nang sandali ay dapat nating ilagang sumapit, lubha na sa m̃ga bagay na dakila't mahalaga, na gaya na ñga ñg hinaharap natin ñgayon, na pagtatanggol sa matwid at karapatan nating m̃ga manggagawa. Matwid at karapatan nating m̃ga manggagawa, ang wika ko, sapagka't ang matwid at karapatang ito, ang sa pagbababang iyan ñg úpa sa paggawa ay siyang niwawalang kabuluhan at ibig yurakan. Karapatan natin sa haráp ñg sino man, na ang pagpapagod at pawis na pinupuhunan natin ay tumbasán ñg sapát na kaupahán; at ang karapatang itó, kailan ma't ibig na bawasan, ay matwid naman natin ang tumutol hanggang maaari at ipagtanggol hangga't maaabót ñg kaya ... suk dang ikamatay.

Páhiná 25

Naputol sumandali ang pagsasalita ni Mauro, sanhi sa maugong na palakpakang isinunód ñg madlang nakikinig sa huli niyang m̃ga pañguñgusap.

Pagkatapos ñg palakpakan, si Mauro ay nagpatuloy:

—Sa m̃ga nangyayari sa atin ñgayon ay maliwanag na nakikita natin, na ang karapatan at

Páhiná 26

matwid nating ito ay ayaw kilalanin. Sa pamamagitan n̄ ipinanġanġahás nilang lakás, ang alin mang daing natin ay ayaw na dinggin. Nagbibinġibinġihan sila at sa kahinaan natin ay malalakas at maugong na halakhakan ang itinutumbas. Sa haráp n̄a n̄ ganitong m̄ġa pangyayari ĳay ano ang kailanġan nating gawin? ĳAh, m̄ġa kapatid! Kinakailanġan natin ang lakas ... at upang ang lakas na ito'y tamuhin natin ay kailanġang lubha ang pagiisá, pagka't tanġing naririto ang ganáp na tagumpay. Sa ganito n̄a ĳay ano ang ibig ninyong gawin?

Páhiná 27

—ĳĳMasiaklás...!! ĳĳMagsiaklas!!—ang sigawan n̄ lahat.

—Kayó ang masusunod—ang patuloy pa ni Mauro—Ibig ninyong sa pagpapakilala n̄ ating matwid ay gamitin ang aklasán, ĳgamitin n̄a natin! datapwa't ipahintulot muna ninyong, ako, na kapatid ninyo at kaisang-palad ay magpaalaala n̄ isang bagay. Ang aklasan, para sa m̄ġa anák-pawis na gaya natin, para sa m̄ġa nabubuhay sa lanranġan n̄ paggawa sa Pilipinas, ay gaya rin naman n̄ sa m̄ġa manggagawa sa Pransia, sa Amérika sa Espanya at sa iba pa mang lupain, na ginagamit na sandata laban sa paghahari n̄ lupit n̄ Puhunan sa ibabaw n̄ matwid at karapatan n̄ m̄ġa manggagawa. Ang aklasan, ay ginagamit kung ang makatwirang daing at kahilinġan n̄ m̄ġa anák-pawis ay ayaw na dinggin n̄ Puhunan; at sa m̄ġa nangyayaring ito sa atin ay maliwanag na namamalas na tayo'y ayaw pakinggan sa makatwirang pagtutol. Upang kilalanin n̄ Puhunan ang ating matwid, kayo rin ang nagsusumigaw n̄gayon, na gamitin natin ang aklasan; kung gayon, ĳtayo'y magsiaklás...! Subali't sa paglalabanang kasusuunġan natin ay kinakailanġan, na n̄gayon pa man ay humanda na tayo sa pagtitiis n̄ hirap. Ilaan natin ang katawan sa m̄ġa sakit na karaniwang dinaranas sa alin mang pagbabaka bago sumapit ang tagumpay, at hindi lamang ang m̄ġa sarili natin ang ilaan sa pagbabaka at pagtitiis, kundi pati rin naman n̄ sa ating m̄ġa asawa't anák, magulang at kapatid, na pawang magsisipagtiis n̄ gutom, kung sakali't kakailanġanin ang mahahabang araw sa pagbubunguan n̄ dalawang lakás. ĳPagtitiis at pagtitiis...! Ito ang kailanġan natin upang maitaguyod n̄ boong danġal ang aklasang gagawin ... At, kung kayo, m̄ġa magigiting na anák-pawis ay hindi nahahanda sa gayon, makalilibo pang mabuti na tayong lahat n̄gayon ay mamayapa na at sumailalim n̄ bawa't maibigan n̄ m̄ġa mamumuhunan.

Páhiná 28

—ĳĳMagtiis tayong lahat!!—ang sigaw n̄ lalong marami.

—Salamat, m̄ġa kapatid:—ang patuloy pa ni Mauro—Kung gayon mula sa araw na ito, buhat sa m̄ġa sandaling ito, ang sandata nating m̄ġa manggagawa na dili iba't ang aklasan, ay gagamitin, upang huwag na muling isalong kundi kung tamuhin na ang ganap na tagumpay. ĳMagpakatatag tayong lahat! At huwag nawang samakanino man sa atin ang pagtataksil. Ang sariling kapakanan at kagalinġan n̄ bawa't isa sa atin ay kailanġang isailalim sa kapakanan at kagalinġan n̄ marami upang ang kabusabusan ay mawala at lumiwayway sa Silanġanan n̄ bayang manggagawa ang mabiyayang araw n̄ Katubusan. M̄ġa kamanggagawa: Isigaw nating: ĳMabuhay ang aklasan!

Páhiná 29

—ĳĳMabuhay!! ĳĳMabuhay!!!—ang sigawan n̄ lahat.

—Sino man ay walang magtataksil.

—ĳWala ni sino man!

At ang aklasan mula noon ay napagtibay.

Páhiná 30

Ang Lupong sinugo sa pakikipagusap sa m̄ġa mamumuhunan ay siya na ring pinagkaisahang maging palaging Lupon sa aklasan.

Masisiglang gayon na lamang ang lahat na noon ay naghiwahiwalay, na taglay sa puso n̄ bawa't isá, ang malaking pananalig sa kadakilaan n̄ kanilang ipakikipaglaban.

Sa kapahintulutan n̄ may-ari n̄ dulaang Rizal, ito ay siyang pinagkayarian ding maging "Cuartel General" n̄ m̄ġa nagsiaklas.

Ang Lupon sa aklasan, noon din ay napatunġo sa Kawanihan n̄ Paggawa, upang ipagbigay alam ang m̄ġa nangyari.

Pagkatapos n̄ ilang pagtatanóġ na ginawa n̄ matalinong Tagapamahala, ukol sa pinagbuhatan n̄ aklasang ipinasya n̄ lahat, ang Kawanihan ay nanġakong gagawin niya ang lahat nang magagawa upang sa lalong madali ay malutas ang salitaan sa ikasisiyang loob n̄ bawa't panig.

### III

Páhiná 31

UMAGA n̄ kinabukasan.

Sa malaking pagawaan n̄ tabako sa daang Ilaya, bagama't nakabukas maluwang niyang pinto, ay wala namang makikitang isa mang manggagawa.

Tahimik, at ang datidating yabag n̄ m̄ġa paang lumalakad sa pagyayao't dito n̄ m̄ġa tabakero, sa pagkuha n̄ m̄ġa "material" na gagamitin, at ang pagpupukpukan sa m̄ġa "tapadera" nila n̄ m̄ġa pangbuling gamit, saka ang mataginting na tunóġ n̄ m̄ġa "chaveta" na ipinangdadapa n̄ m̄ġa nag-alimbutod na "butó" n̄ dahon n̄ tabako, at sampu na n̄ malalakas

na awitan n̄ m̄a tabakera, noon ay pawang di na naririnig.

Sa loob ng pagawaan, (at sapagka't sa Pilipinas ay di pa naghahari ang ganap na pagdadamayan n̄ m̄a manggagawa) ay tanġing makikita ang ilang manggagawa n̄ kahong maliliit n̄ tabako at saka ilang "embasador."

Páhiná 32

Ang m̄a ito n̄a ay siya lamang makikita, sapagka't sa ganang kanila, ang kilusan n̄ m̄a kapatid nilang tabakero ay di nila nararapat sundan at katigan, sanhi sa pangyayaring ang gawin nila ay naiibá sa gawain n̄ m̄a yuon.

Ang kawikaang: *Ang sakit ng kalingkingan ay damdamin ng boong katawan* sa kanila ay walang kakabukabuluhan, alangalang na n̄a sa paniniwala nilang iba sila.

¡Anong laking pagkakaiba n̄ ugali at kilos n̄ m̄a manggagawa sa ibang lupain, sa ating m̄a manggagawa...!

Sapagka't, samantalang doón, sa boong *kaeorupahan* at sa iba pang dako n̄ Sangdaigdig, ang kilusan at pagdadamayan n̄ m̄a anak-pawis ay hindi kumikilala ni pumipili n̄ uri n̄ m̄a manggagawang dadamayan, kundi sukat na ang pangyayaring kumilos ang isang pangkat na manggagawa sa pagtatanggol n̄ matwid, upang ang iba namang pangkat ay kumilos, umabuloy at dumamay at kumatig sa madlang gawain n̄ m̄a yaon, at kadalasan pa, lubha na kung nagaapóy na halos ang labanan n̄ Puhunan at Paggawa, sampu na n̄ lahat n̄ m̄a manggagawang may iba't ibang uri at kalagayan ay sumunód naman sa m̄a ginawa n̄ m̄a dinadamayan; samantalang ang pagtutulunġan at pagaabuluyan n̄ m̄a manggagawa roon ay ganáp na ganáp, dito naman sa atin ay hindi, kundi ang kadalasan pa'y hindi maabuluyan n̄ anomang ang m̄a nagsiáklás hanggang sa huli, sa pagtatanggol n̄ matwid at karapatan.

Páhiná 33

At ... tayo'y magpatuloy....

Nang umaga n̄gang yaon, samantalang ang karamihan n̄ m̄a nagsiáklás, ay nanġawiwili sa paguusap sa "Cuartel General" nila, isang tao naman ang pumasok sa maluwang na pinto n̄ Pagawaan.

Pagkapasok ay ang tanggapan n̄ Tagapamahala ang tinunġo.

Sa loob n̄ nasabing tanggapan at sa haráp n̄ isang *lamesang marmol* ay nanġakaupo ang tatlo katao at kaukausap n̄ nasabi nang Tagapamahala.

Páhiná 34

Ang tatlong yaon ay siyang m̄a may-ari n̄ pagawaan.

—Magtuloy ka, Pablo, magtuloy ka—ang anyaya n̄ Tagapamahala sa taong pumasok, nang makita itong nakatayo sa may pintuan.

At si Pablo (tawagin na natin n̄ ganitó yamang siyang itinawag sa kanya) ay nagtuloy at sa isang silya ay umupo.

—Ipinatatawag daw po ninyo akó—ang simulang wika ni Pablo nang maupo na.

—Oo;—anang Tagapamahala—ipinatawag kita, sapagka't may isang bagay na mahalaga akong sasabihin sa iyó.

—¿Ano po yaon?—ang may malaking pananabik na tugón n̄ kinakausap.

—Isang mahalagang bagay na kapapalooban n̄ iyong ikagiginhawa, at hindi lamang ikaw, kundi sampu pa n̄ iyong "familia," kung aáyon ka sa aking sasabihin.

—Sabihin mo na po.

Páhiná 35

—Nalalaman mo na marahil, na mula pa kahapon, ang m̄a "orgullosa" kong manggagawa ay nagsipagaklas. Ayaw na tanggapin ang pagbababa n̄ kaunti sa kaupahan sa bawa't "vitola." Sila'y nagsiáklás at ang akala marahil n̄ m̄a *walang utang na loob* na iyan ay susuko kaming m̄a mamumuhunan. Susubukan namin kung hanggang saan aabot ang kanilang pagmamatigás; magpatuloy sila sa kanilang aklasan at tingnan ko lamang kung di sila mamatay sa gutom. Dahil sa bagay na iyan ay ipinatawag kita, at ang ibig ko, sampu rin naman nila, na pawang m̄a mamumuhunan sa pagawaang ito—at sabay na itinuro ang m̄a kaharap—ay gumawa ka rito, at tuloy humanap ka n̄ ibang magiging kasama.

—Ako po'y ...

—Nalalaman ko—ang putol agad n̄ Namamahala—na ikaw ay may pinapasukan; datapwa't nalalaman ko rin, na ang iyong kinikita roon ay hindi makasasapát sa iyo at sa iyong asawa't m̄a anák. Dito, kung papayag kang gumawa, at manġanġako pang hahanap n̄ ibang magsisigawa rin ay bíbigyan kita n̄ katanġiang makagawa n̄ hanggang ibig mo; alalaong baga'y hindi ka *tatasahan* sa m̄a "material" na gagamitin, at sa gayo'y kikita ka n̄ higit sa lahat, higit sa dating kaupahang ibinibigay dito at higit pa rin sa kinikita mo sa kasalukuyang ginagawán mo. ¿Anó, nanayag ka ba?

Páhiná 36

Si Pablo ay hindi magkantututo n̄ isa-sagot; napipigilan siyang umayon, hindi sapagka't ang "conciencia" niya ang tumututol, kundi sa takot sa m̄a nagsiáklás.

Hindi naman niya matanggihan ang gayong pagaalók, sapagka't naiisip niya na yaon ay isang magandang pagkakataon na dapat niyang samantalahin upang ikita n̄ malaki.



Uulik-ulik ang kanyang isip at walang malamang isagót; kaya't nang mamalas n̄ m̄a kaharap ang gayon niyang pagaatubili ay nagkindatan muna at pagkatapos na sumunḡaw sa kanilang m̄a labi ang isang n̄iti ay winika n̄ Tagapamahala.

Páhiná 37

—Anó ang iyong sagót?

At si Pablo, sa tanóng na itó ay parang nabuhayan n̄ loob; kaya't ang tugón:

—Ako po'y pumapayag; n̄uni't nag-aalaala po ako na baka ...

—Huwag kang matakot ... Ikaw ay hindi maaano ... Tatangkilikin ka n̄ Pagawaan sa pamamagitan n̄ m̄a batás ... Upang matangkilik ka at gayon din ang ibang kasamahan mong dadalhin dito ay magpapadala kami rito n̄ ilang pulis na tatanod.

—Kung gayon po'y ...

—Asahan mo—ang hadlang n̄ kausap. Huwag kang matakot; gawin mo ang lahat nang magagawa upang sa loob n̄ linggong ito ay makapagpasimula na kayo.

—Ang naiisip ko po ay si Gervasio ang unang hikayatin, yayamang siya po ang nanḡunḡulo sa kilusán; at inaasahan ko po, na kung ito ang makukuha natin ay lalong madadali ang pagsunod n̄ iba.

—Ikaw ang masusunod; at lalong mabuti, kung mahimok mo siya ... Ipanḡako mo rin ang m̄a bagay na ipinanḡako namin sa iyo.

Páhiná 38

—Ako na po ang bahala—at sabay na nagtindig sa kinaupán at pagkatapos ay ang patuloy:—Ako po'y aalis na.

—Oó—ang tugon n̄ Tagapamahala, at pagkatapos na makadukot sa bulsá, ay ang patuloy:—Tanggapin mo ito, upang may magugol ka man lamang sa m̄a pagyayao't dito—at sa kamay ni Pablo ay iniyabót ang dalawang tiglimang pisong papel.

—Salamat po—ang nakatawang tugon n̄ pinagbigyan at sabay na isinabulsa ang sampung piso.—Ako po'y aalis na,—ang dugtong pa.

—¡Adyos!—ang tugon sa kanya n̄ kausap.

Isang malakás na halakhakan ang isinunod n̄ m̄a naiwan nang makalabas sa pinto si Pablo.

—¡Nakabili na tayo! ¡nakabili na tayo...!—ang sunodsunod na wika pa n̄ m̄a mamumuhunan na lalong pinakalakás ang pagtawa.

Páhiná 39

Samantala naman, si Pablo, ang bagong Hudás, ang walang puso at kaluluwang manggagawa, ay nagpatuloy sa kanyang paglakad, at binabalangkas sa mahina niyang pag-iisip ang kung ano at paano ang mabuting paraang dapat niyang gawin upang si Gervasio ay mahimok, at sa pamamamagitan naman nitó, ay makaipon n̄ m̄a taong dapat na ipasok sa Pagawaang inaklasan.

M̄a manggagawang gaya ni Pablo ay marami pa at di hamak na malilipol sa Pilipinas.

Páhiná 40

---

## IV

Páhiná 41

TATLONG araw ang lumipas buhat sa huling m̄a pangyayari.

Ang aklasan ay patuloy, at ang pagawaan ay hindi pa rin pinapasukan n̄ sino mang manggagawang tabakero.

Ang matalinong pagsisikap n̄ Kawanihan n̄ Paggawa sa ipagkakasundo n̄ dalawang pangkat na naglalaban ay walang napala; nabigo ang lahat n̄ pag-asa n̄ Tagapamahala n̄ "Bureau del Trabajo" sa ikahuhusay n̄ sigalot sanhi sa pagmamamatigas n̄ m̄a mamumuhunan sa Pagawaang pinagaklasan.

Makaitlong nagpabalikbalik sa Pagawaan ang Tagapamahala sa Kawanihang nasabi, subali't yaon at yaon din ang sagót n̄ m̄a mamumuhunan. Hindi na nila mababago ang ipinasyá ... Ganito ang laging panagót.

Noon, ay umaga rin, at ang Lupon n̄ m̄a manggagawa ay nakipagkitang muli sa Tagapamahala n̄ Kawanihan n̄ Paggawa, upang alamin dito ang tayo n̄ salitaan; datapwa't walang natamong tugon dito kundi ang salitaang nabibitin ay patuloy sa dating lagay. Hindi nagbabago at lalong nagpapakatigás ang m̄a kalaban.

Páhiná 42

Tiyaga at pagtitiis, ang tanḡing inihahatol n̄ Kawanihan sa m̄a nagsiaklas, yayamang liban dito ay wala nang magagawang iba.

—Inaasahan ko—ang patuloy pa n̄a n̄ nasabing Tagapamahala—na sa huli ay mahuhusay din ang lahat nang sigalot sa ikasisiyang loob n̄ dalawang panig. Sapagka't alamin ninyong kung malaki man ang nawawala sa inyo ay lalo namang malaki ang napipinsala at nawawala sa m̄a mamumuhunan; kaya't ito ay hindi rin naman makikipagtagalan sa paglalaban. At huwag lamang na sawíng palad na pasukan n̄ m̄a kamanggagawa ninyo ang pagawaang iyan ay inaasahan ko

at maaasahan din naman ninyo na kayo'y magtatagumpáy, kung di man sa lahat n̄ inyong m̄ga kahilingan ay sa marami niyang m̄ga bahagi.

Páhiná 43

At ang Lupong manggagawa ay bumalik noón din sa pinagtitipunan n̄ m̄ga nagsiáklás.

Sinabi sa m̄ga kasama nila ang pinangyarihan n̄ kanilang huling lakad na yaon, at gayon din, isinakabahiran n̄ madla ang tayo n̄ kanilang salitaan at gayon ang hatol naman n̄ Tagapamahala ng Kawanihan.

Malalalim na buntonghinin̄gang makadurog puso ang sa dibdib n̄ m̄ga kaawaawang manggagawang yaon ay pumulas; m̄ga buntonghinin̄gang nagpapakilala n̄ tinitiiis nilang hirap sa ilang araw pa lamang na itinatagal n̄ aklasan.

¡Gaano pa kaya, kung ang aklasan ay magtagal n̄ isang buwan man lamang!

At si Mauro, sa haráp n̄ gayong namamalas ay lihim na nagtitiis.

—¡Umasa tayo at maghintay!—ang ipinanglulunas na lamang niyang hatol sa lahat.

—Oó; umasa tayo at maghintay ...—ang ikinasisiyang tugón naman n̄ marami.

Páhiná 44

Subali't ... ¡bigong pagasa! at ¡sayang na paghihintay!

Sapagka't sa kinahapunan noón, si Pablo ay boong tápang na pumasok sa maluwang na pinto n̄ Pagawaan, na kasama n̄ may labing isá pa, buhat sa ibang ginagawan.

¡Labing-isang manggagawa sila na nahikayat n̄ makamandag na dila ni Pablo!

¡Labing-isang bibig na may kinakain na ang umagaw pa sa dapat kanin n̄ ibá!

¡Oh! Ang m̄ga gahamang ito ay siyang dapat managót sa napakaraming aklaang natalo sa Pilipinas, at sa libolibong bibig na walang makain n̄ m̄ga asawa't anák n̄ nagsisiáklás.

¡Lubha n̄gang kanaisnais na ang m̄ga ito'y mawala at malipol agad!

Simula n̄ga sa hapong yaon, ang Pagawaan ay untiunti nang nagkakaroon n̄ buhay, at wala pang isang linggo, ang datihang linggal at manakánakang pukpukan at tawanan ay naririnig.

At samantala'y ...

Páhiná 45

¡Ang m̄ga kahabaghabag na nagsiáklás ay lalong nagsisipagtiis!

Sa m̄ga mukha nila ay nababakás ang isang malaking poót, nabábadha sa pawisang noó n̄ bawa't isá, ang pagkasuklam sa m̄ga gahaman at taksil na yaon na siyang sumira sa magiting na kilusan nilang m̄ga nagsiáklás.

Di miminsan, at sa init n̄ nagpupuyos nilang loob, ay balakin n̄ ilan ang maghiganti; parusahan ang isa ó ilan man sa m̄ga taksil na yaón.

Datapwa't ang lahat nang itó, ang lahat nang balak at naiisip gawin, ay napipigilan, sanhi sa m̄ga pan̄gun̄gusap at hatol na ibinibigay ni Mauro.

Sa pamamagitan n̄ maaayos at maliliwanag na pagmamatwid ay nakukuhang payapain ni Mauro ang mapupusok na kalooban n̄ kanyang m̄ga kasama sa haráp n̄ namamalas na nalalapit na pagkabigo n̄ aklasan.

—Huwag—anya—huwag. Huwag nating isipin n̄gayon ang pagpapadának n̄ kahi't iisang patak na dugo n̄ ating m̄ga kapatid din; hindi natin kailan̄gan, at kailan̄gan man natin ang gayon, ay hindi natin magagawa nang may kapakinaban̄gan tayong tatamuhin. ¡Para sa m̄ga manggagawang pilipino, ang araw na iyan ay hindi pa dumarating; hindi pa n̄ga, at lubhang napakalayo pa! Kung magkaminsan n̄ga ay kinakailan̄gan din ang pagpapadának n̄ dugo upang maipakilala sa m̄ga taksil, ang kasamaang ibinubun̄ga n̄ kanilang m̄ga gawain at ang kahiduwaang pumapatay sa magagandang simulain, sa pamamagitan n̄ kanilang m̄ga inaasal; datapwa't ang gayon ay ginagawa at nagagawa lamang sang-ayon sa m̄ga pagkakataon, at sang-ayon sa uri at hugis n̄ sosyalismong umiiral at nalalaman ó kinikilala at pinamamantun̄ganan n̄ m̄ga manggagawang gagamit n̄ gayong *sandata* ... Kayo na ang magsabi. ¿Ano ang kapakinaban̄gang mahihintay natin pagkatapos n̄ pagpapadának n̄ dugo? Wala, kundi maghari ang lakás n̄ m̄ga batás sa ibabaw n̄ sawing-palad na tumupad sa atas n̄ isang dakilang mithi ... at pagkatapos, ay maging dahil pa n̄ m̄ga pagpula sa gumawa; maging sadlakan n̄ paguyám at tagurian pa n̄ *mamamatay*, unang-una na noong m̄ga makikinabang sa huli sa mabuting bun̄ga n̄ gayong pagpatáy. Makikita rin natin, na ang magiting na ito, ay bukod sa di na kahahabagan man lamang sa kinasapitang palad ay aalimurahin pa; itatakwil at pawawalang kabuluhan sa haráp man n̄ marami. Kaya n̄ga m̄ga kapatid; ¡saka ná! ¡Saka ná, kung makilala n̄ m̄ga manggagawang pilipino ang tunay niyang karapatan!

Páhiná 46

Páhiná 47

Ang ganitong pan̄gan̄gatwiran ni Mauro ay siya lamang ikinapayapa at ikinalamig ng puso n̄ m̄ga kasama.

At ... ang lahat ay naghiwahiwalay ...

Páhiná 48

Páhiná 49

Ar ... ¿si Gervasio ay saan naroron? ¿Ano't sa mġa huling pangyayari ay di man lamang nakita gayong siya ang panġulo...?

Alamin natin.

Gaya nang nalalaman natin, si Pablo, nang makalabas sa pintuan nġ pagawaan, ay nagisip nġ mġa paraang gagamitin sa paghimok kay Gervasio, upang ito ay magbalik sa Pagawaan. Sa gabi rin nġ araw na yaong makausap siya nġ may Pagawaan ay nagsadya na siya sa bahay nġ hihikayatin, at taglay sa puso ang malaking pagasa sa tagumpay ay walang kimi ni pagaalinlanġan ipinabatid kay Gervasio ang kanyang layon, sa pamamagitan nġ mġa tiyakang panġunġusap at hindi maligoy na pagsasalaysay. Sinabi ang pagkakatapatag sa kanya nġ Tagapamahala nġ Pagawaan, at gayon din ang mġa panġakong ibinigay at nġ sampung pisong kaloob.

Páhiná 50

Si Gervasio, sa haráp nġ gayong salaysay at panghihikayat ni Pablo, ay natilihan muna at di agad nakasagót; pinagbulaybulay sa isip niya ang mġa pangyayari at dapat pang mangyari sakali't tanggapin ang amuki nġ kaibigang humihikayat.

Nang mamalas ni Pablo ang gayong di pagtugon nġ kanyang kausap ay nagpatuloy:

—Tingnan mo—anya—¿ano ang mapapala mo sakali't magpatuloy ka sa kalagayang taglay mo nġayon? ¿Inaasahan mo бага, na kayo'y magtatagumpay sa aklasan? Inaakala kong hindi, at nasabi ko na nġa sa iyo ang sinabi sa akin nġ Tagapamahala sa Pagawaan. Titikisin daw niya at susubukan kung hanggang saan aabot ang inyong lakás. At tanġi sa rito, ¿ano't *makikiloko* ka sa kanila? ¿Kung wala ka pa bang makain at sampu nġ iyong pamilya ay mayroong magbibigay sa iyo?

Páhiná 51

—Iyan din nġa ba ang sinasabi ko sa taong iyan—ang halos ay nangdididilat ang mata nġ asawa ni Gervasiong humalo sa salitaan—sa hirap naming ito ay hindi ko nġa malaman sa taong iyan kung ano't hahalohalo sa mġa kaululan at "chismes;" tila бага kung napipisanan na siya at sampu nġ kanyang pamilya ay may tutulong man lamang at makaaalaalang siya'y lapitan. ¡Sús ... aywan ko nġa ba!—at sabay sa mġa huling panġunġusap na ito ay nangdudura pa man din.

Wala na; para sa mahinang puso ni Gervasio, ang ano mang panġanġatwiran ay di na maibuka sa bibig.

Marinig sa bibig nġ asawa niya ang isang pagsisi sa kanyang ginawa at ginagawa sa kapakinabanġan nġ marami, bakit ay naisurot pa nito na kung ano at kung bakit hahalohalo sa mġa "chismes," ay doon na pinanglupaypay na lalo ang kanyang marupok na puso sa haráp nġ mġa nakahahalinang amuki ni Pablo.

Kaya't pagkalipas nġ ilang sandali ay napilitang magsalita.

—¿Paano ang iba kong kasamahan?

Páhiná 52

—¿Ang iba mong kasamahan?—ang wari'y sagot na tanong din ni Pablo.—¿Bakit mo sila *iintindihin*? ¡Di bayaan mo sila! Ang bawa't isa ay dapat humanap nġ kanyang sariling kagalinġan; kanikanyang hanap at pagsisikap ...

—¿At ang aming sumpaang? ¿At ang aming ...?

—Walin mong kabuluhan—ang saló agad ni Pablo.

—Aywan ko sa taong itó—ang sabad na naman nġ babai—tila ibig mag Kristong papako sa krus sa kagalinġan nġ marami at ibig yatang matawag na manunubos.

—Siya nġa naman—ang sambot pa ni Pablo—isipisipin mong mabuti. Ang iniaamuki ko sa iyo ay kagalinġan mong sarili at nġ iyong pamilya. ¡Siya na iyang makámakabayan!

At si Gervasio ay pilit na sumuko; sa haráp nġ dalawang tuksó ay wala na siyang magagawa. At saka naaalaala nġa rin niya ang gipit nilang kalagayan sa pamumuhay, sa gitna nġ malawak na dagat nġ buhay at sa gitna nġ naglalakihang daluyong nġ kasaliwaang palad.

Páhiná 53

At siya, si Gervasio, ay walang tápang na makahaharap sa malalaking pagbabaka maging ang pagbabakang ito ay magbuġa sa huli nġ tagumpay nġ isang dakilang simulain at kalasapan nġ di gaanong kagalinġan nġ marami.

*Maligtas lamang ang sarili ay mamatay na ang lahat.* Ito, ang simulaing naghari at pinapaghari ni Gervasio sa kanyang puso; kaya't sa wakás ay sinabi nġ boong siglá.

—Ako ay umaáyon.

At ang panġulong Gervasio, mula sa mġa sandaling yaon na bigkasin niya ang pag-ayon, ay isa na sa maraming taksil na naglipana sa Pilipinas.

—Kung gayon,—ang may malaking kagalakang sabi ni Pablo—búkas nġ hápon ay sasama ka na sa akin. Tayo ay gagawa nang kasama nġ ilan pang manggagawa na kinuha ko sa ibang pagawaan.

—Huwag; huwag muna. Kailanġan nating hikayatin si Mauro.

Páhiná 54

—Siya n̄ga; lalong mabuti kung pati na siya ay makasama natin.

—Inaasahan ko rin, na gayon ang mangyayari. Siya nama'y dukha ring kamukha ko ... wala rin siyang itatagal sa malaong aklasan.

—Kung gayon, bukas na n̄g hapon tayo pumaroon, at sa hapon ko na rin dadalhin sa Pagawaan ang m̄ga magsisigawa, at pagkapanggaling ko roon ay saka na tayo magkita. Sa gabi na tayo pumaroón.

—Lalong mabuti n̄ga—ang tugon ni Gervasio—kita'y hihintayin.

—Oó, darating akong walang sala.

At noon din si Pablo ay nagpaalam.

Nariyan ang dahil, kung kaya't si Gervasio, sa poók na pinagtitipunan n̄g m̄ga nagsiakilás ay di man lamang nakita.

---

## VI

Páhiná 55

Sa haráp n̄g kanyang susulatán, si Mauro ay payapang nakaupo kinagabihan din n̄g araw ring yaong ipinaghiwahiwalay nilang magkakasama.

Nakapatong sa ibabaw n̄g *lamesa* ang dalawang bisig at sa m̄ga palad ay nakakatang naman ang dalawang pisin̄gi.

Malungkot ang kanyang anyo; at sa pagmumukha ay nababakás ang isang napakalaking damdaming kinakabaka n̄g puso, damdaming nakapagpapapulás sa dibdib n̄g malalalim na buntonghinin̄ga.

Sadyang nang m̄ga sandaling yaon, ay may isang malaking suliraning pinagaaralan ...

Kinukuro at dinuduklay sa isip ang sanhi at kung bakit may m̄ga manggagawang sa kilusang tun̄go sa pagtatanggol n̄g karapatan na pinagsisikapang itaguyod n̄g iba nilang kamanggagawa ay nagkakatápang na siyang sumira sa kilusán sa pamamagitan n̄g pagtataksil.

Páhiná 56

Hindi niya lubos maisip ang sanhi n̄g kung bakit samantalang ang ilang magigiting na kawal n̄g pawis ay nagpapakasákit sa pagtataguyod n̄g aping karapatan n̄g m̄ga manggagawa upang pagkatapos ay kilalanin n̄g m̄ga mapaniil na puhunan, ay marami rin naman sa m̄ga manggagawa ang walang sinasamantala kundi ang gayong m̄ga kilusan upang makasunod sa masamang nasa at kinamihasnan n̄g puso na pagpapasasa sa m̄ga tungkulin at gawain n̄g m̄ga nagsisiakilás, sa kapakinaban̄gan at kagalin̄gan nilang sarili.

Lumuluha ang kanyang puso. At nagdaramdam sampu n̄g kanyang kaluluwa, sa m̄ga katiwalianang namamalas.

Hindi miminsan, at sa gayon niyang pagbubulaybulay, ay ikapit ang malaki at lalong mabibigat na pagsisi, doón sa m̄ga unang humawak n̄g kapalaran n̄g m̄ga manggagawang pilipino at sa ilang humahawak pa rin at nagsisipagtataguyod kunwa sa mga anák-pawis, bago'y ang kadalasang mangyari ay sila na rin ang unaunang nagbibili at kumakalakal sa m̄ga itó sa maraming kilusang nangyari.

Páhiná 57

At lalong malaki at napakalaking sala ang ibinibigay niya sa haráp n̄g m̄ga napapariwarang kilusan n̄g m̄ga anák-pawis, sa m̄ga nagbabansag na tagapagtanggol n̄g malalayang karapatan n̄g m̄ga manggagawa at sa m̄ga nagkukunwaring umaákay sa m̄ga ito, sa landas n̄g pagkakaisá, sapagka't maliwanag na nakikita at nadadamá sa m̄ga pangyayari, na, marami pa ang panahong ginugugol nila sa pagpapalaganap n̄g isang lihim na pagiimbót sa isang tungkuling inadhika, kay sa panahong dapat gugulin sa pagiisip at paghanap n̄g wastong paraan, upang ang marami at malalaking suliraning manggagawa sa Pilipinas ay malunasan.

Anopa't sa ganang kanya, sa ganang kay Maurong nagdaramdam sa namamalas na kaapihan n̄g madlang kilusang manggagawa, ang m̄ga ito ay malimit lamang na gawing hagdanan n̄g ilang mapagimbot at nagkukunwaring tagaakay nila at upang makaakyat sa tugatog n̄g dan̄gal at katungkulan, dan̄gal at katungkulang gagamitin lamang sa sariling kapakanan at kagalin̄gan.

Páhiná 58

Sa gayong malungkot na pagmumunimuni ni Mauro, ang asawa niyang si Serafina Halili, babaing puspos hinhin, maran̄gal at matalino, na di lamang karapatdapat na iná n̄g tatlo nilang maliliit na anák, kundi isá rin namang katulong at katuwang niya sa malaking pagbabaka sa buhay, na mula pa nang m̄ga unang sandali'y nagmamalasmalas na sa anyo at kilos n̄g asawa, ay di na nakabatang di lumapit at magusisa:

—¿Bakit ka nalulungkot?—¿Ano ang nangyayari sa inyó? ¿May malubhang bagay bagang sinasapit ang inyong kilusan?—ang sunodsunod na tanong ni Serafina.

—Serafina ... Serafina ...—ang naitugon ni Mauro na hinawakan ang kamay n̄g asawa—  
¡Sawing palad...! ¡Sawingsawi ang kapalarang sinasapit n̄g m̄ga manggagawa!

Páhiná 59

—¿Bakit? ¿Hindi ba't ang kilusan ninyo ay nagkakaisá?

—¡Nagkakaisa! Oó; datapwa't ang m̃ga taksil, ang m̃ga Hudás, ay siyang nagwasak at magwawasak pa ñg nalalabing pagkakaisa ñg m̃ga nagsiaklas sa pamamagitan ñg ...—at si Mauro, sa laki mandin ñg pagdaramdam na sa puso niya'y tumitiim, ay napasuntok sa ibabaw ñg kanyang sulatán at tuloy na napayukayok.

Si Serafina, babaing kailan ma'y di pinagmamaliwan ñg pagmamahal sa kanyang asawa, at babaing nakakikilala at nakababatid ñg tungkulin niya, sa m̃ga sandaling yaón ay biglang napayakap kay Mauro at ito'y pinagbiyayaan ñg matatamis na halik.

—Mauro: husayin ang iyong loob; pumayapa ka, at mangyaring sabihin sa akin ang sanhi ñg iyong malaking pagdaramdam ... Titingnan ko, kung ano ang magagawa ko ... At kung, sakali mang ako sa aking pagkababai ay walang magagawang anomang tulong upang sa kasawian ñg m̃ga kamanggagawa mo'y makabawasbawas, ay matulunġan man lamang kita sa paghahanap ñg lunas.

Páhiná 60

—¡Salamat, Serafina, salamat: at nalalaman mo na naman marahil, na ako'y walang lihim para sa iyo, kaya't makinig ka at aking isasalaysay ang lahat. Umupo ka.

Si Serafina ay umupo.

At si Mauro ay nagsimula.

—Kaninang hapon, samantalang ang lahat at bawa't isa sa m̃ga manggagawang nagsiaklás ay nagkakapulóng at pinaguusapan namin ang m̃ga pangyayaring hinaharáp, at samantalang inaasahan namin ang tagumpay na di malalaon ñg m̃ga adhika namin, ay naririto, at sa pagawaan, ay nagsipasok ang ilán, sa ilalim ñg panġunġulo naman ni Pablo, isang manggagawang may kinalalagyang pagawaan, na nahikayat mandin ñg Tagapamahala ñg pagawaán, at ito naman ang siyang humikayat sa iba. Sa ganitong pangyayari, kaming nagsiaklás ay wala nang nalalabing pag-asa munti man sa pagtatagumpay; sapagka't nakikinikinita ko, na sa likod ñg taksil na si Pablo at sa likod pa ñg ilan pang nahikayat niya, ay susunod naman ang ilan pa; at sa wakas ... sa wakas ñga, ay marahil ang lahat na ¡Sukatín mo, Serafina, kung sa lahat nang itó ay may puso akong itatagal!

Páhiná 61

—Huminahon ka, Mauro, at ikaw, sa m̃ga nangyayaring iyan, munti man ay walang sala; hindi ka masisisi ñg sinoman, pagka't ikaw sa iyong sarili ay walang magagawa.

—Kung sa bagay, Serafina; datapwa't di ko lubos na dinaramdam ang magiging palad ñg aklasan namin ñgayon kung matalo man, kundi ang magiging palad ñg m̃ga darating na kilusán.

—Iya'y katotohanan; subali't taglayin ñg m̃ga may sala ang parusa, subali't ikaw ay hindi; sapagka't napariwara man ang iyong magagandang layon at adhika ay paano't paano ma'y dadalhin mo sa harap ñg iyong sariling budhi ang kasiyahang loob, sa, pagkatupad mo sa inaakala mong tungkulin; at sa isang dako, ako namang asawa mo, ay lalapas ñg lalong malaking ligaya sanhi sa ang panġalang taglay ko na ipinagkaloob mo sa akin, ay malinis at hindi nalalahiran ñg bahagya mang pagtataksil; at ang m̃ga batang anák natin ay maiiwanan mo naman ñg isang karanġalang di matutumbasan ñg pilak ni ñg anomang kayamanan. Magbalik na silang lahat sa pagawaan ñg di natatamo ang tagumpay kundi ang kahiyahiyang pagkatalo; datapwa't, ikaw na asawa ko, ay hindi ko inaasahang gagawa ñg gayon, alangalang man lamang sa malinis na karanġalan na dapat mong ipamana sa ating m̃ga anák. Dumating na ang hirap; dumagsa na sa atin ang lahat ñg sákit at paghihikahós sa buhay kung wala ka mang pagkakitaan ay nakanġiti kong tatanggapin at ituturong tanggapin maluwag sa puso ñg ating m̃ga anák. Sa gayon ay maipakikilala natin sa harap ñg kahit sino, na kung sakali mang may m̃ga manggagawang pilipino na walang hinaharap ni sinisikap kundi ang kagalinġan at kapakanang sarili, ay mayroon din namang hindi, at isinasailalim ang m̃ga kagalinġang sarili sa kagalinġan na marami; kaya, Mauro, paghusayin ang iyong loob ...

Páhiná 62

—Salamat, Serafina ... at tantuin mo, na sa harap ñg m̃ga kasawiang laging inaabot ñg maraming aklasan at ñg ano mang kilusang manggagawa, ang m̃ga hatol mo at pasyang binitiwán ay siya kong gagawing kalasag ...

Isang tinig ang mula sa lupa ay siyang pumutol sa gayong mahalagang paguusap ñg mag-asawa.

